ANG Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas

Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo XLVIII Blg. 15
Agosto 7, 2017
www.philippinerevolution.info

## 17 armas nasamsam ng BHB-Negros

IPINAGBUNYI NG mamamayan ng isla ng Negros ang matagumpay na ambus na isinagawa ng BHB-Central Negros (Leonardo Panaligan Command o LPC) noong Hulyo 21 sa Sityo Magsaysay, Brgy. Mandi-e, Guihulngan City sa Negros Oriental sa mga pwersa ng Philippine National Police (PNP)-Guihulngan.

Umaahon sa *zigzag* na kalsada ang sinasakyang mobil ng mga pulis nang sila ay ambusin ng mga Pulang mandirigma. Matapos lamang ang kalahating oras, ganap na nalipol ang isang iskwad ng pulis. Nasamsam mula sa kanila ang lahat ng dala nilang armas, kabilang ang anim na M16, tatlong M4 *assault rifle*, pitong pistolang 9mm, at isang pistolang kalibre .45. Nakuha rin ng LPC ang siyam na *bandolier*, mga magasin at mahigit 1,000 bala.

Anim ang patay sa kaaway, kabilang ang hepe ng PNP-Guihulngan na si Superintendent Arnel Arpon.

Ayon kay Ka JB Regalado, tagapagsalita ng LPC, labis ang kagalakan ng mamamayan ng Guihulngan laluna ang mga pamilya ng mga biktima ng naturang mga pulis dahil malaon na silang naghihintay ng hustisya para sa mga krimen ng mga ito. Kabilang sa maraming krimen ng PNP-Guihulngan ay ang pagpatay sa magkapatid na Vergara na sina Irol at Roland Jr. at ama nilang si Roland Sr.

*"17 armas...," sundan sa pahina 3*




**EDITORYAL**

# Itaas ang militansya sa paglaban sa rehimeng US-Duterte

Sa harap ng paglaladlad ng rehimeng Duterte bilang kasalukuyang kliyenteng-estado ng imperyalismong US at paggamit sa kamay-nabakal sa pangangalaga at pagtatanggol sa malakolonyal at malapyudal na sistema sa Pilipinas, tuluyan na nitong sinara ang daan ng pakikipagtulungan sa mga progresibo at rebolusyonaryong pwersa ng sambayanang Pilipino para sa pagtataguyod ng pambansang soberanya at katarungang panlipunan.

Ipinakikita ng rehimeng US-Duterte na ito ay isang rehimeng kontra-mamamayan. Isa itong rehimeng kontra-magsasaka. Wala sa mga balak nitong ipatupad ang tunay na reporma sa lupa at sa katunayan ay patuloy ang pang-aagaw ng lupa. Halos 70 magsasakang aktibista na ang pinaslang sa nagdaang taon.

Ito ay kontra-manggagawa, bingi sa daing para sa disente at nakabubuhay na sahod. Tinalikuran nito ang pangakong wakasan ang kontraktwalisasyon. Binubuwag ang mga piketlayn ng mga manggagawang nakawelga.

Rehimen itong kontra-kabataan. Ipinagpatuloy ang anti-mamamayan at makadayuhang K-12. Nananatiling komersyalisado ang sistema ng edukasyon. Inaangkin ni Duterte ang puri sa batas sa libreng matrikula sa mga pampublikong kolehiyo at unibersidad gayong ang mga kabataan at estud-

yante ang walang-sawang nagsusulong nito.

Kontra-mahirap ang rehimeng US-Duterte. Kulang na kulang ang badyet para sa mga pampublikong ospital, serbisyong pabahay at iba pang saligang pangangailangan ng milyun-milyong mamamayan.

Ang kanyanh gerang kontra-droga ay gerang kontra-maralita. Iniuulat na aabot na sa 12,000 mahihirap ang pinagpapapatay ng mga pulis at bayarang grupong *vigilante*. Gamit ang pulis, may ilang nilikidang inakusahan niyang mga "druglord." Malakas ang hinalang ang gayong mga pagpatay ay bahagi ng gera ng mga sindikato at pabor sa ilang grupo.

Ang rehimeng US-Duterte ay kontra-kababaihan, kontra-kalikasan, kontra-Lumad, at kontra-Moro.

Tahasang tinapos ni Duterte ang pakikipag-usapang pangkapayapaan sa National Democratic Front of the Philippines (NDFP).

Pasistang hibang si Duterte. Para sa kanya, mas mababang uring tao na walang karapatang mabuhay ang mga ituturing niyang kalaban. Labis na malaki ang turing ni Duterte sa kanyang sarili. Sa kanyang isip at pananalita, siya ang gubyerno. Siya ang batas. Tinatakot ang mga husgado at pinaiiral ang kanyang absolutong paghahari. Kay Duterte, walang karapatang-tao, laluna kung ang mga iyon ay makahahadlang sa kanyang mga plano at kagustuhan.

Subalit nakayuko siya sa imperyalismong US at sa makapangyarihan nitong militar. Wala nang saysay ang mga pagbatikos niya sa US ngayong todo-larga ang mga operasyon ng militar ng US sa Marawi at iba pang lugar. Ang militar ng US pa rin ang hari sa Pilipinas.

Wala nang ibang masusulingan ang sambayanan kundi ang bagtasin ang landas ng militanteng paglaban at sama-samang pagkilos.

Gayunpaman, tiyak na patuloy na gagamitin ng tusong pulitikong si Duterte ang iba't ibang taktika upang pahupain ang galit ng bayan at gayo'y lumawig pa ang kanyang paghahari. Patuloy niyang paaasahin ang mamamayan sa pagsabing "parating na ang pagbabago." Kahit nagladlad nang maka-US, uulit-ulitin pa rin niyang siya'y Kaliwa o sosyalista. Magpapatupad siya ng mga pakitang-tao, paisa-isa o maliliit na pagbabago upang paasahin ang bayan na kasunod ang mas malalaki pa.

Dapat magpunyagi ang mga pambansa-demokratikong pwersa sa paglalantad sa rehimeng US-Duterte bilang kasalukuyang mukha ng reaksyunaryong paghahari sa Pilipinas. Dapat itaas ang kanilang militansya para pangibabawan kapwa ang panlilinlang at pasismo ni Duterte.

Dapat isulong ng sambayanan ang kanilang anti-imperyalista at demokratikong mga pakikibaka. Dapat puspusang isulong ang militante at sama-samang pagkilos ng mga manggagawa at magsasaka, mga kabataan at iba pang mga demokratikong sektor.

Dapat puspusang isulong ang mga pakikibakang anti-pasista laluna sa harap ng todong mga atake sa mga karapatang-tao, walang habas na mga pagpatay, pambobomba at paglapastangan sa buhay at kabuhayan ng masa. Dapat ubos-kayang labanan ang batas militar sa Mindanao ang balak na palawigin at palawakin ito sa buong bansa. Dapat magbantay sa lalong pagtindi ng ala-Tokhang na mga pagpatay at pagtarget maging sa mga pwersang progresibo at rebolusyonaryo.

Mahigpit na iugnay ang pasismo ng rehimeng Duterte at pagpapatupad ng batas militar sa malakihang korapsyon, kroniyismo, pangungutang at mga pabigat na kundisyong dikta ng dayuhan at pakinabang ng mga dayuhang korporasyon sa planong malaking proyektong pang-imprastruktura.

Sa harap ng lumalalang pasismo, korapsyon at pagkatuta ni Duterte, mabilis na lumalalim ang galit ng sambayanan at tumitibay ang kanilang determinasyong lumaban. Dapat mahigpit na pamunuan ang pagbubuo ng malawak na nagkakaisang hanay ng malawak na sambayanan upang ilantad, ihiwalay at labanan ang rehimeng US-Duterte. AB

ANG Bayan

Tomo XLVIII Blg. 15 | Agosto 7, 2017

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwcinfo

youtube.com/PhilippineRevolutionWebCentral

@prwc_info

fb.com/philrevwebcentral

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal**: Itaas ang militansya ng paglaban sa rehimeng US-Duterte 1

17 armas, nasamsam sa Negros 1

Pasistang paghahari, tampok sa SONA 4

Duterte, kontra-Lumad 5

Gastos sa pambobomba sa Marawi 7

Pakinabang ng negosyo 7

Paglabag sa karapatang-tao 8

Eleksyon sa Venezuela, naidaos 9

Panibagong agawan sa Africa 10

Mga martir ng Sorsogon 12

Pananagutan ni Duterte 12

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

*"17 armas...," mula sa pahina 1*

Noong Marso 2008, si Irol ay iligal na inaresto at pinahirapan nang matindi bago patayin. Magkasunod namang pinaslang ang dalawa pang Vergara noong 2009 at 2010 nang magpursige silang kasuhan ang mga salaring pulis.

Maliban dito, nagsilbi ring bayarang mamamatay-tao ang mga elemento ng PNP-Guihulngan kabilang sa pagpatay kay Cyrus Fat, myembro ng Sangguniang Panglungsod ng Guihulngan, noong Pebrero 2014. Binaril din at sinunog ng mga pulis ang mag-asawang sina Brgy. Kagawad Endrique at Rosalie Calago noong Mayo 2015.

Protektor din ang PNP-Guihulngan ng mga *druglord* at nagtutulak ng shabu sa syudad mula sa Cebu City. Nangangalaga rin ito ng grupo ng mga kawatan na responsable sa pagnanakaw sa mga bilihin, maging sa Simbahang Katoliko.

**Ambus sa Ilocos Sur**. Sa Ilocos Sur, sampu ang kumpirmadong patay at lima ang sugatan sa hanay ng 81st IB nang ambusin sila ng BHB-Ilocos Sur (Alfredo Cesar Command o ACC) sa Barangay Sorioan, Salcedo noong Hulyo 22. Inilihim ng 81st IB ang kanilang kaswalti at inamin lang ang mga sugatan na sina 2Lt. Jade Lyzterdan P. Gavino, Cpl Robertson Caalim, PFC Jayson B. Aboc, PFC John Joshua M. Toledo at PFC Jefree L. Alferez.

Ayon kay Ka Saniata Maglaya, tagapagsalita ng ACC, ang ambus ay parusa sa 81st IB sa pagsilbi nito bilang protektor ng Philip Morris Fortune Tobacco Corporation. Walang habas ding inookupa ng 81st IB ang mga pampublikong lugar tulad ng mga eskwelahan, *barangay hall*, plasa at kabahayan.

Sa laki ng pinsalang tinamo, nagpalabas ng pekeng balita ang kumander ng 81st IB na si Lt. Col. Eugenio Julio C. Osias IV na mayroon umanong namatay, sugatan at nahuli mula sa BHB. Tinakot at iligal ding inaresto ang pitong residente ng karatig na barangay ng Baybayading.

**Mga operasyong haras sa Samar**. Sa Northern Samar, hindi bababa sa sampung sundalo at paramilitar ng 52nd IB-CAA ang napatay sa serye ng mga opensiba ng BHB-Northern Samar (Silvio Pajares Command o SPC) mula Hunyo 29 hanggang Hulyo 29. Tinarget ng mga operasyong haras ang mga kampo ng 52nd IB-CAA gamit ang kumbinasyon ng mga riple at *command-detonated* na eksplosibo.

Noong Hunyo 29, bandang alas-11 ng gabi, hinaras ng mga Pulang mandirigma at yunit milisya ang detatsment ng 52nd IB-CAA sa Brgy. Bangon, Gamay. Patay ang kumander ng yunit ng kaaway na si Sgt. Falconete at lima pang sundalo. Sa parehong gabi, isa pang yunit ng SPC ang umatake sa kampo sa Brgy. Carawag, Palapag. Isang sundalo ang napatay dito.

Noong Hulyo 24, ala-una ng madaling araw, ang kampo naman sa Brgy. Potong, Lapinig ang inatake ng SPC. Tatlo ang patay sa kaaway at malubhang nasugatan ang kumander ng detatsment. Pagsapit ng Hulyo 29, bandang alas-5:30 ng hapon, hinaras naman ang detatsment sa Brgy. Bangon, Gamay. Ayon sa mga tagabaryo, ang isang nakahiwalay na yunit ng kaaway na nasa kalapit na burol ay nagmadaling makalayo sa lugar at naiwan ang kanilang mga baril.

Samantala sa Southwest-Eastern Samar, magkasabay na inatake ng pinagsanib na pwersa ng Jorge Bolito Command at Sergio Lobina Command ang mga elemento ng 87th IB at 52nd IB sa Basey noong Hulyo 27. Unang hinaras ng mga Pulang mandirigma ang nakakampong 52nd IB sa Brgy. Baloog bandang alas-5 ng umaga. Matapos nito, inatake naman ng isa pang yunit ng BHB ang nagpapatrulyang siyam-kataong iskwad ng 87th IB sa Brgy. Mabini. Ayon sa ulat ng mga residente, anim na elemento na lamang ang bumalik sa mga nagpatrulya. Apat na araw matapos nito, sinunog ng mga kasama ang itinatayong kampo ng mga sundalo sa Brgy. Mabini.

**Pagpapalaya ng POW.** Sa Southern Mindanao, pinalaya ng BHB-Southern Mindanao Region noong Hulyo 28 ang bihag ng digma na si PO1 Alfredo Basabica Jr. matapos ang 17 araw na pagkakabihag ng BHB.

Ipinasa si Basabica kay Secretary Christopher Bong Go ng Office of the Special Assistant to the President, na siyang nangasiwa sa pagpapalaya ng pulis. Dalawang araw matapos nito ay iprinisinta si Basabica kay Pres. Duterte ng GRP na noo'y nasa Davao City.

Isinaad sa *release order* ng NDFP na pinalalaya si Basabica dahil sa ipinakita nitong mabuting gawi at kondukta habang nasa kustodya ng BHB at sumasailalim sa imbestigasyon. Nagpakita rin ng pagsisi si Basabica para sa kanyang mga paglabag at boluntaryong nagpahayag ng paghinto sa pagsagawa ng karagdagang mga krimen laban sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan.

Ayon kay Ka Rene ng Front Committee 25 ng BHB-SMR, pinalaya si Basabica sa kabila ng pagkakahinto ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at NDFP. Dagdag pa, mas maaga pa sana umanong napalaya si Basabica kundi lamang naantala ng mga operasyong militar.

Si PO1 Basabica ay nadakip ng BHB noong Hulyo 11 sa bayan ng Compostela, Compostela Valley. AB



# Pasistang paghahari, tampok sa ika-2 SONA

Umaabot sa 40,000 mamamayan ang nagrali malapit sa Batasang Pambansa noong Hulyo 24 para singilin si Pres. Rodrigo Duterte ng GRP sa napako niyang mga pangako sa nakaraang taon at kundenahin ang pasismo ng kanyang rehimen. Dala ang malapad na banderang nagsaad ng "Labanan ang anti-nasyunal at kontra-mamamayan na mga patakaran ng rehimeng US-Duterte," ipinanawagan nila ang pagtigil sa kontraktwalisasyon, mga pang-aatake sa mga eskwelahang Lumad at *martial law* sa Mindanao.

Nakinig ang mga raliyista sa dalawang-oras na walang kwenta at puno ng kahambugan na talumpati ni Duterte kung saan ipinagtanggol niya ang kanyang "gera kontra-droga" at pagdedeklara ng *martial law* sa Mindanao. Kinutya niya ang mga bumabatikos sa mga hakbang na ito habang pinuri ang mga elemento ng militar at pulis na tinawag pa niyang "taliba ng pakikibaka para sa kapayapaan at kaayusan." Ilang beses pumalakpak ang kanyang mga alipures sa kanyang pagpaparangal sa mga sundalo at kapulisan na aniya'y "nagbuwis ng buhay para sa demokrasya." Nagluhang-buwaya siya sa kanyang pakikiramay sa lahat ng mga sibilyang biktima ng kanyang baliw na kampanyang pambobomba sa Marawi. Litaw na litaw sa kanyang talumpati ang militaristang solusyon sa aniya'y terorismo at insurhensya.

Hindi kataka-taka, sa gayon, ang walang kaabog-abog niyang pagsantabi sa pakikipag-usapang pangkapayapaan ng kanyang rehimen sa National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Nitong Agosto 4, tuluyan nang tinuldukan ni Duterte ang usapan nang walang paggalang sa nakatakdang proseso ng terminasyon.

Binira ni Duterte ang mga kumpanya sa mina habang nagkukunwaring maka-kalikasan. Sa likod ng kanyang hungkag na mga pagbabanta laban sa mga ito, ang nais lamang niya ay sumingil ng mas mataas na buwis para magkapondo ang kanyang mga maka-dayuhang programa. Muli siyang nagtapang-tapangan laban sa pakikialam ng mga "puti" pero kaugnay lamang sa kanyang "gera kontra-droga." Wala siyang binanggit kaugnay sa naglipanang mga tropang militar ng US na kasalukuyang nasa bansa, kabilang ang mga tropang dumidirihe sa kanyang "gera kontra-Maute" sa Marawi. Sinakyan pa niya ang kagustuhan ng mamamayan para ibalik ng US ang Balangiga Bells sa Samar para pagmukhain ang sarili bilang patriyotiko.

Ipinagmalaki niyang isa siyang "bully" (maton) laban sa mga "kaaway ng estado," isang katawagan ng militar at pulis sa mga progresibo at demokratikong organisasyon na nakikipaglaban para sa kanilang mga karapatan at kagalingan. Paulit-ulit ang kanyang pagbatikos sa mga tagapagtanggol sa karapatang-tao at maging sa midya na kritikal sa kanya.

Walang banggit ni isa sa kanyang mga ipinangako sa una niyang SONA kaugnay sa malalaking usaping kinakaharap ng mamamayan. Walang tungkol sa kontraktwalisasyon, dagdag na sahod, pabahay at iba pa. Animo'y meyor pa rin ng maliit na syudad, ipinagmalaki niya ang kanyang pira-pirasong mga panukala tulad ng *anti-smoking ban, national government portal,* at kahit ang *digitalization* ng telebisyon.



Bandang alas-7 ng gabi, hambog siyang tumungo sa rali ng mga pambansa-demokratikong pwersa at doon nagtangkang amuhin ang nagngingitngit na mamamayan. Walang kaabog-abog na itinaboy ng kanyang mga pwersang panseguridad ang mga lider ng kilusang masa sa sarili nilang entablado. Tiniis ng mga raliyista, na karamihan ay mula sa mga batayang sektor ng manggagawa, maralitang-lunsod, drayber at kabataan, gayundin ng mga magsasaka at katutubong galing pa sa Southern Tagalog at Mindanao, ang 15-minutong kahambugan at panlalait sa kanila. Maya't maya siyang kinantyawan habang nagsasalita. Sa galit, itinumba ng mga raliyista ang pitong-piyeng ala-Hitler na imahe niya at inapak-apakan matapos dali-daling nilisan ni Duterte ang entablado nang mapansin niyang walang natuwa sa kanya.

Sa kanyang *press conference* matapos nito, binweltahan niya ang mga Lumad na nasa harap noon ng rali at sinabihang bobombahin ang kanilang mga eskwelahan. Sa sumunod na araw, binweltahan naman niya ang mga lider ng pambansa-demokratikong kilusan na aniya'y dapat nilason na lamang niya nang ipinaghanda niya ang mga ito sa kanya sa Malacañang.

Kasabay ng pagkilos sa Metro Manila, nagkaroon ng mga pagkilos sa iba't ibang syudad ng bansa. Sa Cebu, daang mamamayan ang nagmartsa tungong Colon Street, sa downtown Cebu bitbit ang kanilang mga panawagan. Sa Davao City, isinagawa ng mga residente ng syudad, kasama ang mga manggagawa at Lumad mula sa ibang prubinsya ang tatlong-araw na kampuhan sa harap ng

Panacañang. Nagkaroon din ng katulad na pagkilos sa Baguio City, Bicol, Panay, Tacloban, Bacolod at Cagayan de Oro.

Samantala, naglunsad ng rali ang may 100 bakwit sa Iligan City sa pangunguna ng Tindeg Ranao. Hindi umabot sa syudad ang ilan-libong mamamayan mula sa Bukidnon at Cagayan de Oro na lalahok sana sa isang kontra-batas militar na pagkilos dahil sa panghaharang at iligal na pagdetine sa kanila ng militar sa mga tsekpoynt. Sa parehong araw, nakipagdayalogo rin ang mga kinatawan ng Dansalan Tano sa Kalilintad sa militar na kumokontrol sa Marawi upang igiit na pabalikin sila sa syudad. Dalawampung estudyante mula sa Khadija Mohammad Islamic Academy sa Marawi City ang nakapasok sa benyu at nagladlad at sumigaw ng pagtutol sa batas militar habang nagsasalita si Sec. Delfin Lorenzana ng Department of National Defense. Idinetine sila ng militar.

Bago nito, noong Hulyo 22, walang kakurap-kurap na ipinasa ng Kongreso ang pagpapalawig sa batas militar sa Mindanao hanggang Disyembre 31 ngayong taon. Bahag ang buntot kahit ng kunwa'y oposisyon sa Kongreso at Senado sa mga dikta ni Duterte sa kabila ng taimtim na hiling ng mga kinatawan ng mamamayang Moro na itigil na ang batas militar at pambobomba sa Marawi City. Wala ring epekto kahit sa nagkunwaring sumisimpatya ang hiling nilang pabalikin na sa kanilang mga komunidad ang daan-daan libong bakwit na nagsisiksikan sa mga sentro ng ebakwasyon at bahay ng mga kamag-anak sa labas ng prubinsya.

Sa sesyon na ito, walong kabataan ang inaresto nang militante silang nagladlad ng mga bandera at malakas na nanawagan ng "No to Martial Law" habang nagsasalita si Lorenzana. Lumaya sila matapos magpyansa noong Hulyo 26. AB

# Duterte, muling lumadlad na kontra-Lumad

Nagmula sa sariling bibig ni Presidente Duterte ng GRP ang pagiging kontra-katutubo nang magbanta siya sa *press conference* pagkatapos ng State of the Nation Address (SONA) na ipabobomba ang mga eskwelahang Lumad.

Sa harap ng malawakang batikos, sinikap itong bawiin ng tagapagsalita ng AFP na si Restituto Padilla, bilang umano'y talinghaga lamang ng pangulo. Lalong bumaluktot at sumama ang timpla nang ipaliwanag niyang ang mga eskwelahang walang bata lamang ang ipabobomba, at ipasasara yaong hindi rehistrado.

Ang totoo, bago pa man ang SONA, matagal nang pinatindi ng rehimeng US-Duterte ang panggigipit sa mga paaralang Lumad sa pagpapatuloy ng noo'y Oplan Bayanihan hanggang sa ilalim ng ngayong todo-gerang Oplan Kapayapaan. Walang katapusan ang mga insidente ng libu-libong Lumad na nagbakwit sa harap ng panghaharas, masaker at pambobomba sa kanilang mga komunidad.

Pinakamatindi ang naging atake sa Lianga, Surigao del Sur kung saan pinatay ang direktor ng eskwelahang ALCADEV noong Setyembre 1, 2015. Winasak at sinunog din ang isang eskwelahan ng ALCADEV sa Sibagat, Agusan del Sur noong Nobyembre 12, taon ding iyon, at iba pang mga eskwelahan sa Talaingod at Kapalong sa Davao del Norte na nagresulta sa maramihang paglikas. Noong Oktubre 23, 2015, isinara ng paramilitar kasama ang mga tropa ng AFP ang Fr. Fausto Tentorio Memorial School na pinamamahalaan ng Mindanao Interfaith Services Foundation, Inc. (MISFI) sa Barangay White Kulaman, Bukidnon. Marami pang ibang paaralan ang sinunog o pilit na ipinasara sa mga probinsyang ito.

Pinakahuli ang pag-istraping noong Hunyo 20 sa Salugpongan Ta' Tanu Igkanugon Community Learning Center, Inc. (STTICLCI) sa Palma Gil, Talaingod. *(Tingnan sa Ang Bayan, Hunyo 21, 2017.)* Bago nito ay pinatay ang mag-asawang Leonela at Ramon Pesadilla noong Marso 2 sa Barangay Ngan, Compostela Valley dahil nagbigay sila ng lupang pagtatayuan ng paaralang Lumad.


Nakapagtala ang Save Our Schools (SOS) Network ng mahigit



95 atakeng militar at paramilitar sa mga paaralang Lumad noong 2014. Sa 53 na nakatalang kaso naman ngayong taon, 47 nito ay sa mga eskwelahang pinamamahalaan ng Salugpongan Ta' Tanu Igkanugon. Labingwalo sa 55 paaralan ng Center for Lumad Advocacy and Services (CLANS) sa Palembang, Sultan Kudarat ay napilitang magsara dahil sa nagpapatuloy na militarisasyon.

**Karapatan sa pagpapasya-sa-sarili ang paaralan**

Pinahahalagahan ng mga katutubo ang edukasyon bilang bahagi ng pagpapaunlad sa kanilang kakayahang magpasya sa sarili. Sa mahabang panahon, sinamantala ang kanilang kamangmangan upang agawin ng malalaking kumpanya sa pagmimina, pagtotroso, at plantasyon ang kanilang lupang ninuno.



Wari'y sinasadya ng gubyerno na gawing napakahirap para sa mga Lumad ang makapag-eskwela. Ang mga elementaryang pampubliko na malapit sa lugar ng mga Lumad ay kadalasang walang guro, o kung mayroon man, ay tatlong araw lang sa isang linggo ang klase dahil manggagaling pa sa malayo ang guro. Sa patakaran ng DepEd na walang estudyante ang maaaring ibagsak ng grado, marami ang nakakarating sa Grade 6 na hindi halos makapagsulat at makapagbasa. Liban pa rito ang paggamit ng paraan at pagtuturo ng mga paksa na napakalayo sa pangangailangan ng mga mag-aaral.

Ang nakatayong mga paaralang Lumad na pinag-iinitan ni Duterte ay itinataguyod ng mga katutubo dahil tinitiyak ng mga ito na natututo ang mga bata hindi lamang ng pagbabasa at pagsusulat kundi ng mapanuring kamulatan at ng mga kasanayang magagamit agad sa komunidad, lalo na sa sariling pagpapasya ng komunidad. Ginagamit ng mga guro ang mga epektibong pamamaraan tulad ng awit, sayaw at kwento upang patuloy na mapaunlad ang kulturang katutubo habang epektibong naipapatimo sa mga mag-aaral ang mga paksa.

Nagiging komprehensibo ang serbisyo ng paaralan sa komunidad. Nagsasanay sa pangangalaga ng kalusugan kaya nagiging upisyal pangkalusugan din ang mga nakapagtapos. Ang mga klinika ng paaralan ay nagiging klinika ng komunidad. Nag-aaral din sa pagpapaunlad ng agrikultura kaya ang paaralan ay may sariling produksyon na tumutustos sa mga pangangailangang gastos. Noong 2001 at 2005, ginawaran ito ng National Literacy Award. Nasa pinal na listahan din sila sa naturang gantimpala noong 2014.

Ang halos 150 paaralang Lumad ngayon sa Region 11 at Region 12 ay nakapagpatapos na ng mahigit 5,000 sa elementarya at hayskul. Tumutulong na bilang mga katuwang ng mga guro ang marami sa mga nakapagtapos.

Dati ay halos hindi mangahas mangarap ang mahihirap na Lumad ng makapagpahayskul ng mga anak. Ang may kaya lamang sa buhay ang nakagagawa nito, dahil sa layo ng hayskul ay kailangang gumastos ang estudyante sa arkila ng dormitoryo at hiwalay na pagkain, maliban sa napakaraming mga bayarin at matrikula at gamit pang-eskwela. Nilulutas ito ng mga paaralang Lumad sa pagtatayo ng dormitoryo sa eskwelahan mismo at pagsagot sa lahat ng gastos, hanggang pagkain, papel at libro.

Ang mahigit 400 boluntaryong guro ng STTICLC ay organisado sa Association of Community Educators (ACE). Organisado rin ang mga mag-aaral. Sila ang pinakaaktibo sa pagtatanggol sa kanilang paaralan at pagbabahagi sa komunidad ng kanilang natutunan.

**Pagsisikap ng komunidad ang paaralang Lumad**

Nagsimula ang mga paaralang Lumad sa ilalim ng Rural Missionaries of the Philippines noong 1990 bilang mga sentrong pang-literasiya-numerasiya sa bandang Compostela Valley. Nagtayo rin ang MISFI noong 2005 bilang bahagi ng komprehensibong pagharap sa sakuna, sa oryentasyong *tri-people* kaya saklaw ang pagtatayo ng paaralang Moro sa Carmen, North Cotabato. Karamihan sa mga ito ay di-pormal na mga eskwelahan.

Sa patuloy na kahilingan ng mamamayang katutubo, itinayo ang mga pormal na paaralan noong 2005, kaya't nagkaroon ng STTICLC at MISFI Academy na rehistrado sa DepEd. Naigiit pa ng mga katutubo sa DepEd na magbuo ito ng partikular na patakarang babagay sa mga paaralang katutubo, na di tulad ng karaniwang mga komersyal na pribadong paaralan. Habang dumarami ang mag-aaral ay naitayo ang mga hayskul noong 2013. Sa iba't ibang rehiyon ay iba't ibang grado ang itinatayo batay sa pangangailangan.

Sa harap ng matinding pangwawasak ng militar laluna simula noong 2014, ipinagtanggol ng mga katutubo ang kanilang mga paaralan. May mga kaso pang mga tradisyunal na armadong Lumad mismo ang lumalaban sa paramilitar. Ginamit din ng AFP sa kanilang IP-centric Approach na programang kontra-insurhensya ang pagtatayo ng diumano'y mga paaralang Lumad noong 2015-2016, na nagtuturo ng pagiging sunud-sunuran sa mapaniil na gubyerno. Ngunit dahil nauunawaan ng mga Lumad ang kanilang pakikibaka para sa sariling pagpapasya at pagtatanggol sa lupang ninuno, patuloy nilang tinatangkilik ang mga paaralang Lumad na sila mismo ang nagtayo at nagtataguyod. AB

# Bilyong pisong pambobomba sa Marawi

MAGTATATLONG BUWAN na nang simulan ng rehimeng US-Duterte ang paggapi diumano sa grupong Maute, sumasabog pa rin ang mga bomba sa syudad ng Marawi. Bilyong piso ang kinukuha ng gubyerno mula sa kaban ng bayan para idulot ang malubhang pagkawasak sa buhay at kabuhayan ng mamamayang Moro.

Malawakang pambobomba mula sa himpapawid (*aerial bombing*), panganganyon ng mortar at istraping ng masinggan ang mga pamamaraan ng AFP sa pagkubkob sa Marawi. Ang mga ginagamit ng Philippine Air Force (PAF) sa *airstrike* ay ang OV-10 Bronco, MD-520 MG (ito ang mga gamit ng US sa pambobomba sa kanilang digmang agresyon sa Vietnam), SF260, S-211, AW109, at FA-50.

Naghuhulog ito ng 500-libra (o halos 230 kilo) MK-82 (*unguided*) na bomba na nagkakahalaga nang halos $2,500 o P112,500 kada piraso at mangilan-ngilang GBU-12 (Guided Bomb Unit) na $19,000 ang isa o P855,000. Ayon sa pag-aaral ng Geneva International Centre for Humanitarian Demining (GICHD), ang MK-82 ay may 5.5% na posibilidad lamang na matamaan ang target nito kaya kinakailangang marami ang inihuhulog na bomba.

Umaabot sa 2,400 sqm. ang lawak ng direktang mahuhulugan nito, o katumbas ng 80 x 30 metro. Sa isang halimbawa sa pambobomba sa Iraq noong 2003, ang tinamaan ng isang bomba ay dalawang bahay na lubos na nasira at 17 sibilyan ang agad na namatay. Kung pagbabatayan ito, tiyak na may 24 na bahay ang nasisira sa loob ng isang araw.

Labindalawang bomba ang abereyds na inihuhulog sa isang araw mula noong Mayo 24 sa Marawi, higit sa P1.3 milyon sa isang araw kung sa bomba pa lamang. Isama pa rito ang P40 kada bala ng M-16, 105mm *howitzer* na P30,000 kada piraso, bala ng .50 kalibreng masinggan na nagkakahalaga ng P200 at ang 20mm na bala naman ng FA50 ay nagkakahalaga ng P1,500 kada isa. Bukod pa ang pang-araw-araw na gastos sa operasyon ng mga sundalo at kanilang *auxillary*.

Bilyong piso ang ginastos ng gubyerno para wasakin ang bilyong piso ring halaga ng ari-arian at higit sa lahat, buhay ng mga sibilyang biktima sa gerang hinasik ni Duterte at AFP. Ginagawa itong dahilan ni Duterte para makapanlimos ng armas para sa pangarap nitong modernisasyon at amuhin ang mga pasista sa AFP. Umasa siyang makakuha ng suporta kapwa sa China at Russia pero liban sa isahang bigay ng China ng mababang kalidad na mga armas, wala siyang napala mula sa mga ito. Sa halip, bumilis at dumami ang pagtambak ng US ng mga lumang armas gamit ang Mutual Logistics Support Agreement at Mutual Defense Treaty mula pa Oktubre noong nakaraang taon.

Tiyak din na magtatagumpay si Duterte at ang AFP sa pagpapataas ng badyet para sa militar para sa 2018 nang 5.5% o P145 bilyon ($ 2.9 bilyon).


Nangako ang US ng $180 milyong halaga ng kagamitang militar para sa taong 2016-17. Nitong Hunyo, umabot na sa higit $150 milyon ang nabiling kagamitan ng AFP mula sa US. Kabilang dito dalawang eroplanong pang-espiya na ipinasa ng US noong Hulyo 26. Dagdag din dito ang pinakainaasam ni Duterte ng halos 2,000 bomba at *rocket*, gayundin ang 1,000 *grenade launcher* na ibinanta na niyang gagamitin laban sa mga sibilyang komunidad. Mula ito sa mga dati pang pangako ng US na ayuda para sa modernisasyon ng AFP. AB

# Pakinabang ng negosyo

PARANG MGA buwitre, nakaabang na ang malalaking burgesya-kumprador para samantalahin ang pinsala at pagkawasak ng syudad hindi pa man natatapos ang labanan sa Marawi City.

Walang pinag-iba ang pangyayari sa Marawi sa ginawa ng rehimeng Aquino sa pagwasak sa Zamboanga City noong 2013, gayundin sa iba pang mga lugar na nasira ng gera at matitinding sakuna tulad mga bagyong Yolanda at Pablo. Sa ngalan ng rehabilitasyon, ibinenta ng reaksyunaryong estado sa mga dayuhan at pribadong negosyante ang mga lupain para artipisyal at pansamantalang palakasin ang ekonomya. Nagtayo ang mga ito ng mga imprastruktura para sa kapakinabangan ng kanilang mga negosyo habang pakitang-tao at pira-piraso ang ginawang pagtulong sa mga nasalanta. Hanggang ngayon, daanlibong nakaligtas sa naturang mga sakuna ay wala pa ring disenteng trabaho at tirahan.

Bentahe para sa mga burgesya-kumprador ang pagkawasak ng mga komunidad. Pagkakataon nila ito upang magtayo ng kanilang mga negosyo na walang pagdada-




Grapik mula sa Karatula

lawang-isip namang itutulak ng burukrata sa gubyerno para makakuha ng malalaking parte o suhol mula sa mga proyekto. Sinasamantala nila ang malawak na bilang ng mamamayang desperadong makapagtrabaho para makaahon sa kawalan sa pamamagitan ng kontraktwalisasyon, kawalan ng benepisyo at mababang sahod.

Noon pang nakaraang buwan nagsimula nang maglaway ang mga kumprador sa Marawi. Naglaan ng P100-milyong pondo para sa "rehabilitasyon" ng syudad si Dennis Uy, isa sa pinakamalapit at pinakapinaborang negosyante mula sa Davao. Mula nang maupo sa poder ang kanyang patron na si Duterte, tumaas nang 92% ang halaga sa *stock market* ng kanyang Phoenix Petroleum. Nagbigay na rin ng paunang pondo sina Ramon Ang, Enrique Razon, Jr, Henry Sy at ang mga pamilyang Gokongwei, at Tan para pasimulan ang mga negosyo nila hindi lamang sa Marawi kundi sa buong Mindanao. Nagpakitang-gilas naman sila sa mga pangakong tulong para sa mga pamilya ng mga namatay na sundalo. Sinakyan din nila ang mungkahi na gawing sentro ng turismo ang Marawi.

Tiyak na rin ang US$60 milyon o P3 bilyon na pamumuhunan ng TierOne Communications International, isang Australyanong kumpanya, kalakhan sa Marawi.

Tiyak na gagamitin ng rehimeng US-Duterte ang gera laban sa mga grupong binasagan nitong terorista para bigyan-katwiran ang mga operasyong pambobomba na nakatuon sa pagwasak sa sibilyang mga imprastuktura at serbisyong sosyal. Sa gayon, mas madulas na makapapasok sa naturang mga lugar ang mga dayuhan at lokal na kapitalista. Tugma ito sa kalakaran ng US sa ibang bansang tinarget nito dulot diumano ng presensya ng mga teroristang grupo, tulad ng ISIS sa Syria at Iraq, at Taliban/Al Qaeda sa Afghanistan. AB

# Paglabag sa karapatang-tao, tumitindi sa ilalim ng batas militar

Tatlong pamamaslang, siyam na iligal na pang-aaresto at dumaraming dinarahas, ito ang pinakahuling mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao na dinaranas ng mamamayan sa ilalim ng rehimeng US-Duterte.

**Pamamaslang.** Noong Hulyo 21, pinaslang ng mga elemento ng 71st IB at 46th IB si Boy Cañete, magsasaka at residente ng Maragusan, Compostela Valley. Si Cañete ay kasapi ng Hugpong sa mga Mag-uuma sa Walog Compostela.

Samantala, isa pang magsasaka, si Alberto Tecson, ang pinaslang noong Hulyo 24 ng nakabonet na kalalakihan. Kasapi si Tecson ng Nagkahiusang Mag-uuma ug Mangingisda sa Bulado, organisasyon ng mga magsasaka at mangingisda sa Brgy. Bulado, Guihulngan City, Negros Oriental. Binaril siya sa loob ng kanyang bahay, kinaladkad palabas at muling binaril. Bago nito, inakusahan siya ng mga sundalo na naghatid ng mga Pulang mandirigma sa kanyang *pump boat*. Ilang linggo nang minimilitarisa ang komunidad ni Tecson.

Sa Masbate, pinaslang ng mga elemento ng militar ang magsasakang si Edgar Suriaga na residente ng Brgy. Gangao, Baleno, Masbate. Umaga ng Hulyo 31, pinaulanan ng bala ang kanyang bahay kung saan agad siyang nasugatan. Kinaladkad siya palabas ng kanyang bahay, kinulata at binaril sa ulo.

**Detensyon at iligal na pang-aaresto.** Inaresto ng PNP si Belinda Capacite, myembro ng Asosasyon han Kablas nga Parag-uma ha Can-avid sa Eastern Samar sa akusasyong tagakulekta diumano siya ng rebolusyonaryong buwis. Ayon sa kanyang anak, sapilitang pinasok ng mga nakasibilyang pulis ang bahay ng kanyang ina, ininteroga ang kanyang ama na si Rodolfo bago tinangay si Belinda para ikulong. Dahil sa *stress*, dalawang beses na hinimatay si Belinda at kinailangang dalhin sa ospital.

Sa Bicol, kinundena ng NDF-Bicol ang iligal na pag-aresto kay Antonio Narvaez, residente ng Sityo Salaysay, Brgy. Sibaguan, Sangay, Camarines Sur, noong Hunyo 19. Bago nito, iligal ding hinalughog ng mga elemento ng 83rd IB ang kanyang bahay.

Pitong magsasaka naman mula sa Salcedo, Ilocos Sur ang dinakip ng mga elemento ng 81st IB noong Hulyo 25. Kinilala ang mga ito na sina Divino Tabucol, Dhanjor Hagacer, Isaias Anganan, Ricardo Foronda Sr., Ronald Dagui, Nicolas Acutan at Ricardo Foronda Jr. Gabi na ng maipasa ang mga ito sa PNP Salcedo. Ininteroga ang mga magsasaka sa akusasyong tagasuporta sila ng BHB.

Samantala, muling isinugod sa ospital si Marcos Aggalao, 74 taong gulang at detenidong pulitikal noong Agosto 4. Ikatlong beses na siyang dinala sa ospital matapos ma-*stroke* na nagresulta sa pagkaparalisa ng kalahati ng kanyang katawan. Inaresto si Aggalao noong nakaraang taon sa panahong umiiral ang magkatugmang tigil-putukan ng BHB at AFP at sinampahan



ng gawa-gawang mga kaso.

**Pandarahas.** Mariing kinundena ng Anakpawis at Piglas-Quezon ang pagsasampa ng gawa-gawang kaso sa 21 magsasaka ng Hasyenda Uy noong Hulyo 22. Kinasuhan sila ng pagnanakaw ng panginoong maylupang si Dr. Vicente Uy. Ang naturang mga magsasaka ay mga tenante ng pamilyang Uy na dekada nang nagtitiis sa 60-40 na hatian ng kanilang ani, pabor sa pamilyang Uy. Madalas ding nahuhuli ang pasahod sa kanila pagkatapos nilang magtrabaho sa bodega ng pamilya.

Noong Hulyo 25, pinagbantaan ng apat na myembro ng Alamara ang mga mag-aaral ng Salugpongan at residente ng Sityo Dulyan, Brgy. Palma Gil, Talaingod. Hinahanap at pinagtatanong ng mga paramilitar ang mga kasapi ng Parents-Teachers and Community Association na sina Benacio Dalin, Benjo Bay-go at Nonoy Dawsay; at isang mag-aaral ng eskwelahan na si Lando Lalin. Panakot ng Alamara, plano nilang patayin ang isa sa mga ito.

Sa Quirino, hinarang, pinadapa at tinutukan ng baril ng aabot sa 20 pulis ang pamilya ng isang Pulang mandirigma na napaslang sa engkwentro noong Hulyo 26 sa bayan ng Nagtipunan. Dinala ang mag-anak sa PNP Maddela Station kung saan ininteroga sila at tinratong parang mga kriminal. Bago nito, sapilitang lumikas ang mga residente sa kanilang baryo matapos maglunsad ng operasyong militar ang AFP sa kanilang baryo.

Nagdulot naman ng takot sa mga guro at mag-aaral ang pagkampo ng tropa ng 20th IB, sa pangunguna ni Col. Noli Lapizar sa Las Navas National High School noong Agosto 4. Mayo pa lamang ay aktibo nang nag-ooperasyon ang mga sundalo sa lugar. Inokupa nila ang mga gusali ng paaralan kaya napilitang magklase ang mga estudyante sa mga tolda sa labas nito. AB

# Eleksyon para sa NCA sa Venezuela, idinaos

Matagumpay na naidaos ang eleksyon para sa mga kinatawan ng pambansang asembliya (*national constituent assembly* o NCA) ng Venezuela noong Hulyo 30. Sa kabila ito ng kaguluhan at karahasang idinulot ng Mesa dela Unidad, koalisyon ng iba't ibang maka-US na oposisyon sa bansa, Ayon sa Consejo Nacional Electoral (CNE), mahigit 41% o walong milyon ang bumoto habang may dalawang milyon pang bigong makarating sa botohan dahil sa bantang karahasan ng oposisyon. Inilipat naman ng CNE ang ilang botohan upang iwasan ang kaguluhan.

Ayon kay NDFP Negotiating Panel Senior Political Adviser Luis Jalandoni, isa sa naanyayahang magmasid, kahanga-hanga na maging bahagi at matunghayan ang mahigpit na pagnanais ng mamamayan ng Venezuela na maisapraktika ang kanilang karapatang bumoto at ganap na maisakatuparan ang demokrasya sa kanilang bansa. Nagkaroon ng pagkakataon ang mga tagamasid na makita ang proseso ng botohan at bumisita sa iba pang mga sentro ng botohan. Kasama ang CNE, nakahalubilo rin sila sa ilang mga botante sa botohan.

Sa isang pagtitipon sa Caracas, nagpasalamat si Pangulong Nicolas Maduro sa suporta ng mamamayang Venezuelan upang makamit ang kapayapaan at unipikasyon sa bansa. Aniya, sa tala, isa ito sa pinakamalaking bilang ng bumoto sa ilalim ng rebolusyong Bolivarian.

Sa kalakhan, ang proseso sa botohan ay naging mapayapa, liban sa ilang mga insidente ng karahasan, tulad ng *guarimbas* o pagbabarikada sa mga daan ng mga tagasuporta ng oposisyon upang pigilan ang mga botante.

Ang mahahalal na mga kinatawan sa pambansang asembliya ay siyang magbabalangkas ng kanilang bagong konstitusyon upang ipanumbalik ang kapayapaan, muling pagkakasundo at pahupain ang tensyon at ligalig sa bansa sa nagdaang mga buwan.

Naghalal ang mamamayan ng Venezuela ng 545 na kinatawan, 364 kada rehiyon, walo para sa pambansang minorya at 173 bawat sektor. Unang eleksyon rin itong naghalal ang mga katutubo ng kanilang kinatawan sa asembliya. Mula naman sa 6,120 kandidato, nahalal ang walo sa hanay ng mga magsasaka at mangingisda, limang negosyante, limang may kapansanan, 24 mag-aaral, 28 pensyonado, 24 konsehal ng mga komunidad at 79 na manggagawa. Nahalal ring pangulo ng National Constituent Assembly ang dating ministro ng

*"Venezuela...," sundan sa pahina 10*



# Panibagong agawan sa Africa




Pinaiigting ng krisis ng imperyalismo ang ibayong pagsasamantala sa Africa upang paglagakan ng labis na kapital at kalakal. Sa nagdaang ilang taon, muling naging pokus ang kontinente ng pag-aagawan ng mga imperyalista.

Dati nang pinaghati-hatian ang Africa ng pitong kapitalistang bansa mula sa Kanlurang Europe sa bungad ng yugto ng imperyalismo. Pagsapit ng 1913, nasakop na ang 90% ng Africa sa pangunguna ng France na kolonisado ang may 20 bansa, at UK (kolonisado ang aabot sa 14 bansa). Malalaking tipak din ng kontinente ang kontrolado ng Belgium at Germany. Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, karamihan sa mga bansang ito ay naging mga malakolonya.

Inaasam ng mga imperyalista ang mayamang rekurso ng Africa. Bilang pangalawa sa pinakamalaking kontinente na may lawak na 30 milyon kilometro kwadrado, isa rin ito sa mga pangunahing may depositong mineral tulad ng *cobalt,* ginto, diamante, uranium, gayundin ang mga deposito ng gas, langis at karbon. Tinatayang 120 bilyong bariles ang reserbang langis ng Africa, at may 600 milyon ektaryang di pa nagagalaw na lupaing agrikultural.

Hangad din ng mga kapitalistang interes na samantalahin ang 1.25 bilyong populasyon ng Africa (ang *median* na edad ay 20 taon) para sa kanilang pamilihan at murang lakas paggawa. Kabilang dito ang may 230 milyong kabataan. Tinatayang pagsapit ng 2050, sangkapat ng populasyon ng mundo ay magmumula sa Africa, kung saan a abot sa isang bilyon ang nakatakdang maging bahagi ng pandaigdigang lakas paggawa. Samantala, anim sa sampung bansa na may pinakamababang pasahod sa mundo ay matatagpuan sa Africa.

Nitong Hulyo sa pulong ng nangungunang mga imperyalistang

*"Venezuela...," mula sa pahina 9*

ugnayag panlabas ng Venezuela na si Delcy Rodriguez.

Sa kabila ng pagsisikap ng mamamayang Venezuelan at gubyernong Maduro na ipanumbalik ang kapayapaan, walang humpay ang maka-US na oposisyon, sa tulak ng malalaking kapitalistang Amerikano at Organization of American States (OAS) sa panggugulo at pagpapakana ng mararahas na aksyong protesta upang palabasin na ang Venezuela ay nasa gitna ng krisis at kaguluhan at bigyang daan ang imperyalistang interbensyon.

Maging ang Smartmatic, ang kumpanyang namahala sa mga makinang ginamit sa eleksyon sa Venezuela mula 2014 ay naglabas ng pahayag na diumano'y sobra ng isang milyon ang inianunsyong bilang ng bumoto ng CNE.

Pinasinungalingan ang alegasyong ito ni Tibisay Lucena, pangulo ng CNE. Aniya, ang Smartmatic ay responsable lamang sa usaping teknikal, ang datos ay eksklusibong hawak at kontrolado ng CNE. Inakusahan naman ni Pangulong Maduro ang Smartmatic na bumigay sa presyur ng Estados Unidos at Great Britain.

Mula pa noong 2009, pinopondohan na ng U.S. Department of State ang maka-kanang grupo ng aabot sa $49 milyon sa kanilang mararahas na protesta.

Taong 2014, nagsagawa ang grupo ng mga *guarimbas* upang marahas na pabagsakin ang nakaupong presidente na si Maduro. Sa sumunod na taon, nakuha nito ang mayorya sa Pambansang Asembliya. Subalit, sa halip na harapin at resolbahin ang krisis na kinakaharap ng mamamayan, ang tanging inatupag nito ay kung paano mapapatalsik si Maduro sa pwesto.

Sa gitna pa ng eleksyon para sa Pambansang Asembliya, naglabas ng pahayag si Sec. Steven T. Mnuchin, US Treasury Secretary, na nagbabawal kay Maduro at 13 pang upisyal sa gubyerno ng Venezuela na galawin ang kanilang mga ari-arian na nasa loob ng Estados Unidos. Pinagbawalan rin ang sinumang upisyal sa gubyernong Estados Unidos na makipag-ugnayan sa gubyernong Maduro at tinawag itong diktador sa pagpupumilit ng sosyalismo sa mamamayan.

Bilang tugon sa diumano'y parusa ng imperyalistang US, ani Maduro, ang Venezuela ay malaya at hindi ito kailanman magpapadikta sa sinumang bansa. Dagdag pa niya, walang sinuman o anuman ang makapipigil sa National Constituent Assembly.

Patuloy naman ang paghimok ng gubyernong Maduro at ng mga nahalal sa *constituent assembly* sa MUD na umupo sa usapang pangkapayapaan upang payapang resolbahin ang tunggalian. AB

bansa sa ilalim ng G20, itinulak ng Germany ang Compact with Africa, isang programang nakatuon sa pagpapalaki ng kanilang ipinupuhunan sa nasabing kontinente.

Nangako na si Chancellor Angela Merkel ng Germany na mamuhunan ng $335 milyon. Ayon sa pagtaya ng International Monetary Fund, $100 bilyon bawat taon ang kakailanganing ibuhos sa kontinente para sa imprastruktura. Sa panig naman ng China, apat na bansa sa Africa ang nauna nang tinukoy bilang bahagi ng Belt And Road Initiative ng China.

Sasamantalahin ng mga monopolyo kapitalista ang malaking hukbo ng napakamurang lakas paggawa sa karamihan ng mga bansa sa Africa upang magtayo ng imprastruktura para sa matiwasay na transportasyon ng sarplas na kalakal. Nitong 2016, nagkakahalaga ng may $297 bilyon ang sarplas sa kalakalan ng Germany, samantalang umabot naman ng $196 bilyon ang sa China.

Mapupunta rin sa mga proyektong imprastruktura sa Africa ang bahagi ng 73.6 milyong metriko toneladang labis na produksyon ng bakal ng China sa taong 2016. Gayundin, pabibilisin ng imprastruktura ang pagdambong ng yamang mineral at iba pang rekurso ng kontinente.

Pinatitindi lamang ng mga panibagong pamumuhunan ang nagpapatuloy nang pagbuhos ng labis na kapital at kalakal patungong Africa. Noon pang 2011, umabot na ng $73.4 bilyon ang eksport ng China sa mga bansa sa Africa. Sa kasalukuyan, ang China ang pinakamalaking nakikipagkalakal sa Africa. Noong 2016, halos $83 bilyon ang halaga ng pumasok na kalakal mula China, habang $54.3 bilyon naman ang inilabas ng mga bansang African patungong China. Maliban pa ito sa mahigit 10,000 Chinese na kumpanya sa manupaktura na dati nang nagnenegosyo sa Africa at nagkakahalaga ng $180 bilyon. Ang Germany ay dati na ring may 600 kumpanyang namumuhunan sa Africa.

Bagamat ang US ang may pinakamaraming umiiral na direktang pamumuhunan sa Africa noong 2015, nang sumunod na taon ay lumiit ito ng 4%. Gayundin, ang halaga ng mga umiiral nang pamumuhunan ng US ay lumiit din ng 12%. Nitong Mayo, kinilala ng mga upisyal sa pambansang seguridad ng US na maliit ang ipinuhunan ng bansa kumpara sa China, at magreresulta ito sa pagbawas ng impluwensya ng US sa kontinente.

Bilang mga dating kolonisador, ang mga imperyalista sa Kanlurang Europe ay nanatiling pinakamalaking kapitalista sa Africa. Noong 2015, tumaas ng 50% ang pamumuhunan ng UK dito, at lumaki rin ng 98% ang pamumuhunan ng bansa sa mga pamumuhunan sa kapital (makinarya, pabrika, at iba pang kagamitan sa produksyon).

Gayundin, napapanatili ng France ang kanyang kapangyarihan sa dating mga kolonya nito. Hanggang sa kasalukuyan, 14 sa mga dating kolonya nito ay obligadong ilagak sa Bangko Sentral ng France ang 85% ng kanilang *foreign exchange reserve,* at magsisilbing utang ang gagamitin labas sa 15% ng inilagak na pinansya. Nasa France ang karapatang unang bumili ng mga bagong tuklas na natural na rekurso, at unang bigyan ng mga kontrata sa mga proyekto. Samantala, pumapangatlo ito sa mga bansang may direktang pamumuhunan sa Africa, at lumaki pa ng 10% noong 2015. Nagdagdag pa ito ng $2.3 bilyon puhunan sa enerhiya noong 2016.

Dati na ring nagbubuhos ng labis na kapital sa Africa sa porma ng mga "ayuda." Kaakibat ng mga ayuda na ito ang mga kundisyon sa ekonomya tulad ng pagbabawas ng subsidyo ng mga gubyerno sa mahahalagang panlipunang serbisyo tulad ng kalusugan, edukasyon, imprastruktura at maging sa agrikultura. Nitong Enero 2017, sa loob lamang ng dalawang linggo, nagbuhos ang European Union ng mahigit $5.5 bilyon bilang ayuda. Kaiba pa rito ang ayuda mula sa Germany na $18 bilyon. Nangako pa ang bansa, na siyang pinakamalaking ekonomya sa EU, na palalakihin nang 20% ang ayudang ito. Taun-taon naman, umaabot ng $8 bilyon ang ayuda ng US tungong Africa.

Mahalaga rin para sa mga imperyalista ang pagtatatag ng lakas-militar upang pangalagaan ang kani-kanilang mga interes sa ekonomya at pulitika, at upang supilin ang mga banta. Sa buong kontinente, sampung kapitalistang estado ang nagpwesto ng kanilang mga base militar at istasyon sa 24 bansang African. Apatnapu't anim sa mga ito ay okupado ng mga tropang US.

Nitong unang linggo ng Hulyo ay nakipagpulong si Pres. Emmanuel Macron ng France sa magkakanugnog na dating mga kolonya nito na Burkina Faso, Chad, Mali, Mauritania at Niger, upang magbuo ng 5,000-kataong pinagsanib na hukbo laban umano sa mga ekstremistang Al Qaeda. Nangako na rin ang European Union ng $57.2 milyong ayudang militar para sa naturang multi-nasyunal na hukbo.

Natatangi naman ang Djibouti sa pag-okupa dito ng tropang militar mula sa pitong bansa dahil sa estratehikong lokasyon nito sa pandaigdigang kalakalan. Nasa bukana ito ng Suez Canal, isa sa pinakamahalagang lagusan ng kalakal mula Asia tungong Europe. Dito dumadaan ang mga barkong pangkargo na nagbibyahe ng 10% ng taunang kalakalang langis ng buong mundo at 20% ng komersyal na mga eksport.

Anu't anuman, hindi malulutas ng ibayo pang pamumuhunan sa Africa ang krisis ng labis na kapital ng mga nangungunang imperyalistang bansa, dahil magreresulta lamang ito sa mas malaking kantidad ng kapital na pinalaki ng tubo at interes. Sa huli'y maghahanap pa rin ang mga monopolyo kapitalista ng Germany, China at iba pa, ng bagong mga paglalagakan ng kanilang kapital. AB

# Ka Carlo at Ka Billy, mga martir ng Sorsogon

Binigyan ng pinakamataas na pagpupugay ng Partido Komunista ng Pilipinas at buong rebolusyonaryong kilusan sa Bicol sina Andres "Ka Carlo" Hubilla, Miguel "Ka Billy" Himor, at ang mga magsasakang sina Arnel Borres at Dick Laura na minasaker ng mga reaksyunaryong pwersa noong Hulyo 28 sa Brgy. Trece Martirez, Casiguran, Sorsogon.

Si Andres Hubilla ay kilala bilang Ka Carlo, Ka Magno, Ka Bunso at Lolo Pay para sa napakaraming kabataang nakasaksi't nakapiling niya sa kanyang walang sawang pakikisalamuha sa masa. Ipinanganak siya noong Nobyembre 30, 1958, sa Sta. Cruz, Casiguran, Sorsogon.

Unti-unting namulat si Ka Carlo sa pagmasid sa mga pulong pag-aaral ng Kabataang Makabayan, kung saan myembro ang isa niyang kapatid. Labing-apat na taong gulang siya nang iligal siyang inaresto, ikinulong at tinortyur noong 1975 matapos ipinagkanulo ng isang impormer. Matapos maipanalo sa korte ang kanyang kaso, ipinagpatuloy niya ang kanyang pag-aaral. Likas na lider, naging tagapangulo siya ng Sangguniang Kabataan sa kanilang lugar noong 1976.

Nag-aral siya ng BS Education sa Annunciation College ng Sorsogon habang nagtatrabaho bilang kasambahay. Habang nagtuturo sa hayskul, pumaloob siya sa Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid noong 1984. Noong 1986, sumumpa siya bilang kandidatong kasapi ng PKP. Taong 1987 nang magpasya siyang magpultaym sa BHB. Noong 1989, naging ganap siyang kasapi ng PKP.

Sadyang malapit ang loob ni Ka Carlo sa mga bata. Maliban sa kanyang limang anak, itinuring niyang anak ang lahat ng bata sa lahat ng lugar na napuntahan niya. Hindi na mabilang ang mga batang nakapagpatuloy ng pag-aaral dahil sa pagpupursige niya't kanyang kolektibo na makapagpalitaw ng mga rekurso para sa pag-aaral ng mga bata.

Matapos ang ilang dekada ng matapat na pagsisilbi at walang pag-aalangang paghubog sa sarili bilang komunista, ihinirang siyang kalihim ng Komite ng Partido sa Sorsogon at di kalauna'y kagawad ng Komiteng Tagapagpaganap ng Komiteng Rehiyon.

Bilang kalihim ng Sorsogon, malaki ang naiambag ni Ka Carlo at ang kanyang kolektibo sa paglalatag ng lakas at pagbabalanse ng rebolusyonaryong pwersa sa buong rehiyon at bansa. Buong tatag na hinarap ng prubinsya at higit pang nakapagpalakas at nakapagpalawak sa kabila ng pananalasa ng magkakasunod na oplan ng pasistang estado.

Apat na beses na siyang nakulong at sa lahat ng pagkakataong ito ay nakaalpas siya't nakabalik sa piling ng masa't pulang hukbo sa iba't ibang paraan.

Kahit nakapiit ay nagpatuloy sa pag-oorganisa si Ka Carlo. Sa kanyang paggabay, naging aktibo ang mga nakakarsel sa pagbubuklod at pagkilala ng maaari pa nilang maiambag sa lipunan.

Isinilang naman si Miguel "Ka Billy" Himor noong Mayo 28, 1996 sa kaparehong baryo ni Ka Carlo. Bata pa lamang siya'y aktibo na sa grupo ng kabataan. Sa murang edad ay malinaw na ang pangarap ni Ka Billy na maging Pulang mandirigma. Aktibo niyang ginampanan ang mga gawaing itinakda sa kanya ng Partido habang naghihintay na dumating sa tamang edad para matanggap sa BHB. Nagtrabaho siya sa Maynila habang naghihintay. Matapos ang kanyang ika-18 kaarawan, kagyat siyang umuwi sa Bicol para sumampa sa BHB taong 2014.

Isa si Ka Billy sa mga kabataang hukbo na kinakitaan ng potensyal sa gawaing militar. Pinagagaan niya ang pagharap sa mga sakripisyo sa mga pagpapakwela. Bukod-tangi rin ang disiplinang ipinakita niya sa pagkapit sa prinsipyo ng simpleng pamumuhay at tuluy-tuloy na pagpapanibagong hubog laluna nang maipakat sa gawaing istap ng prubinsya. Bago pa lamang nakapag-asawa si Ka Billy noong Marso 29, 2016, at puno ng pag-asa sa pagbubuo ng rebolusyonaryong pamilya. AB

## Pananagutan ni Duterte ang pagpaslang kina Carlo at Billy

NOONG HULYO 28, kinubkob ng pinagsamang pwersa ng Sorsogon Police Public Safety Coy, 96th Military Intelligence and Combat Operatives, 31st IB at 22nd IB ang bahay na pansamantalang tinutuluyan nina Ka Carlo at Ka Billy. Nakalayo si Ka Carlo pero agad siyang binaril. Nahuli rin si Ka Billy at ang mga magsasakang sina Arnel Borres at Dick Laura. Pinaslang silang lahat. Ayon sa mga residente ng lugar, walang engkwentrong naganap.

Pinananagot ng PKP si Duterte mismo sa kriminal na responsibilidad nito sa naturang masaker. Ilang araw bago ang pamamaslang, nag-utos si Duterte sa kanyang mga tauhan na patayin ang mga mandirigma ng BHB sa halip na arestuhin ang mga ito. Nang masukol ng kaaway, dapat na kinilala sina Ka Carlo at Ka Billy sa katayuang *hors de combat* (mga kombatant na wala na sa pusisyong lumaban), iginalang ang mga karapatan at trinato nang makatao.

Sa naganap na masaker sa Casiguran, nangako ang PKP at buong rebolusyonaryong kilusan na bigyang-hustisya ang walang-habag na pagpaslang na isinagawa ng mga pwersang militar at pulis ni Duterte.